


Senior High School

# Komunikasyon at Pananaliksik sa Wika at Kulturang Pilipino

## Ikalawang Markahan – Modyul 3

### Sitwasyong Pangwika sa Pelikula at Dula



**Komunikasyon at Pananaliksik sa Wika at Kulturang Pilipino**  
**Alternative Delivery Mode**  
**Ikalawang Markahan – Modyul 3: Sitwasyong Pangwika sa Pelikula at Dula Unang**  
**Edisyon, 2021**

Isinasaad sa Batas Republika 8293, Seksiyon 176 na: Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-sipi sa anomang akda ang Pamahalaan ng Pilipinas. Gayonpaman, kailangan muna ang pahintulot ng ahensiya o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng akda kung ito ay pagkakakitaan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad.

Ang mga akda (kuwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o brand name, tatak o trademark, palabas sa telebisyon, pelikula, atbp.) na ginamit sa modyul na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga tagapaglathala at mga may-akda ang karapatang-aring iyon. Ang anomang gamit maliban sa modyul na ito ay kinakailangan ng pahintulot mula sa mga orihinal na may-akda ng mga ito.

Walang anomang parte ng materyales na ito ang maaaring kopyahin o ilimbag sa anomang paraan nang walang pahintulot sa Kagawaran.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon  
Kalihim: Leonor Magtolis Briones  
Pangalawang Kalihim: Diosdado M. San Antonio

**Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul**

**Manunulat:** Imelda H. Aglibot

**Editor:** Fritz M. Bahilango

**Tagasuri:** Ernesto C. Caberte, Jr., Leilani E. Vizarra, Maria Ildena L. Cuadro,  
Randy Ciruelos, Shane Rita I. Krebs

**Tagaguhit:** Ronie C. Suinan

**Tagalapat:** Jera Mae B. Crusado, Kaycee Lheine G. Cortez

**Tagapamahala:** Francis Cesar B. Bringas  
Job S. Zape, Jr.  
Ramonito O. Elumbaring  
Reicon C. Condes  
Elaine T. Balaogan  
Fe M. Ong-ongowan  
Elpidia B. Bergado  
Noel S. Ortega  
Maribeth C. Rieta  
Leonila L. Custodio  
Julie Anne V. Vertudes

**Inilimbag sa Pilipinas ng \_\_\_\_\_**

**Department of Education – Region 4A CALABARZON**

Office Address: Gate 2 Karangalan Village, Brgy. San Isidro, Cainta, Rizal

Telefax: 02-8682-5773/8684-4914/8647-7487

E-mail Address: lrmd.calabarzon@deped.gov.ph

**Komunikasyon  
at Pananaliksik sa Wika  
at Kulturang Pilipino  
Ikalawang Markahan – Modyul 3  
Sitwasyong Pangwika sa Pelikula  
at Dula**

## **Paunang Salita**

Ang Self-Learning Module o SLM na ito ay maingat na inihanda para sa ating mag-aaral sa kanilang pag-aaral sa tahanan. Binubuo ito ng iba't ibang bahagi na gagabay sa kanila upang maunawaan ang bawat aralin at malinang ang mga kasanayang itinakda ng kurikulum.

Ang modyul na ito ay may inilaang Gabay sa Guro/Tagapagdaloy na naglalaman ng mga paalala, pantulong o estratehiyang magagamit ng mga magulang o kung sinumang gagabay at tutulong sa pag-aaral ng mga mag-aaral sa kani-kanilang tahanan.

Ito ay may kalakip na paunang pagsusulit upang masukat ang nalalaman ng mag-aaral na may kinalaman sa inihandang aralin. Ito ang magsasabi kung kailangan niya ng ibayong tulong mula sa tagapagdaloy o sa guro. Mayroon ding pagsusulit sa bawat pagtatapos ng aralin upang masukat naman ang natutuhan. May susi ng pagwawasto upang makita kung tama o mali ang mga sagot sa bawat gawain at pagsusulit. Inaasahan namin na magiging matapat ang bawat isa sa paggamit nito.

Pinapaalalahanan din ang mga mag-aaral na ingatan ang SLM na ito upang magamit pa ng ibang mangangailangan. Huwag susulatan o mamarkahan ang anumang bahagi ng modyul. Gumamit lamang ng hiwalay na papel sa pagsagot sa mga pagsasanay.

Hinihikayat ang mga mag-aaral na makipag-ugnayan agad sa kanilang guro kung sila ay makararanas ng suliranin sa pag-unawa sa mga aralin at paggamit ng SLM na ito.

Sa pamamagitan ng modyul na ito at sa tulong ng ating mga tagapagdaloy, umaasa kami na matututo ang ating mag-aaral kahit wala sila sa paaralan.



## ***Alamin***


Sa bahaging ito, malalaman mo ang mga dapat mong matutuhan sa modyul na ito. Bilang isang manlalakbay, ikaw ay may mga pagdaraanang pagsubok na huhubog sa iyong kakayahan upang iyong matamo ang mga sumusunod na kasanayan pagkatapos ng aralin:

### **Kasanayang Pampagkatuto:**

- Nasusuri at naisasaalang-alang ang mga lingguwistiko at kultural na pagkakaiba-iba sa lipunang Pilipino sa mga pelikula at dulang napanood **(F11PD-IIb-88)**

### **Layunin:**

1. nasusuri ang mga dayalogong ginagamit sa mga pelikula;
2. nasusuri ang kulturang nakapaloob sa mga pelikula; at
3. nabibigyang-halaga ang mga pelikulang Pilipino.



## **Subukin**

**A. Panuto:** Suriin ang mga pamagat at dayalogo sa pelikula at sagutin at sagutin ang mga tanong na kaugnay nito tungkol sa lingguwistiko at kultura. Isulat ang sagot sa sagutang papel.

1. “You don’t have to, wag mo akong mahalín dahil mahal kita, mahalín mo ako dahil mahal mo ako, because that is what I deserved...” (Mia – Barcelona – A Love Untold). Anong wika ang ginamit sa pahayag?
  - a. Barayti ng Filipino
  - b. Code Switching
  - c. Ingles
  - d. Tagalog
2. Bayan o sarili? Mamili ka!” Alin sa mga kultura ng Pilipino ang ipinahihiwatig sa pahayag mula sa pelikulang Heneral Luna?
  - a. Makatao
  - b. Maka-Diyos
  - c. Makabansa
  - d. Makakalikasan
3. Ano ang nais ipahiwatig ng karakter ni Jenny sa pelikulang Milan nang sabihin niya kay Lino na “Mahal mo ba ako dahil kailangan mo ako, o kailangan mo ako kaya mahal mo ako?”
  - a. Nais niyang malaman kung tapat ang pag-ibig ni Lino sa kanya.
  - b. Gusto niyang alamin kung may kailangan pa si Lino para matulungan niya.
  - c. Nagdududa siya kung ginagamit lang ba siya ni Lino bilang kasintahan.
  - d. Nalilito siya kung mahal ba siya ni Lino o kailangan lang siya nito dahil natutulungan niya ito.
4. Ano ang ipinahihiwatig ng pamagat ng pelikula nina Enrique Gil at Liza Soberano na My Ex and Whys?
  - a. Mga tanong na hindi nasagot sa pagitan ng dating magkasintahan.
  - b. Mga tanong na walang solusyon dahil sa hindi pagkakaunawaan ng magkasintahan.
  - c. Mga tanong na gustong malaman ng dating magkasintahan ang sagot.
  - d. Mga tanong na hindi na nais pang malaman ng magkasintahan ang sagot.

5. “Walang himala! Ang himala ay nasa puso ng tao, nasa puso nating lahat! Tayo ang gumagawa ng himala! Tayo ang gumagawa ng mga sumpa at ng mga Diyos...” Anong kultura ng mga Pilipino ang masasalamatin sa pahayag?
- Bayanihan
  - Pakikipagkapwa-tao
  - Pananampalataya
  - Senakulo

**B. Panuto:** Basahin at unawain ang mga pangungusap. Isulat ang sagot sa sagutang papel.

6. Ang mga sumusunod ay dahilan ng pagkakaiba-iba ng kultura sa Pilipinas **MALIBAN** sa;
- katangiang heograpikal nito
  - impluwensiya ng mga dayuhan
  - pagkakaiba-iba ng wika
  - pagkakatulad-tulad ng paniniwala
7. “Kung ihahambing ang kabataan sa ibang pangkat ng lipunan, higit silang mapanuri sa mga palabas at pelikulang pinapanood.” Ito ay pinatunayan sa sulating:
- aklat na Bakit Baligtad Magbasa ang mga Pilipino
  - aklat na Stupid Is Forever
  - dyornal na Meditation of Filipino Youth Culture
  - pahayagang Philippine Inquirer
8. Bakit patuloy na tinatangkilik ang mga pelikulang Pilipino?
- dahil sa mga artistang gumaganap
  - dahil sa mga linya ng mga tauhan o hugot lines na natatak sa isipan.
  - dahil sa mga lugar na pinaggaganapan
  - dahil sa napag-uusapan sa bawat lugar
9. Paano ipinakita ng mga tauhan ang aspektong linggwistiko o gamit ng wika sa lipunang ginagalawan sa loob ng kulungan sa dulang Pilipino na “*Sinag sa Karimlan*”.
- impormal na tinatangkilik ng masa
  - mga dayuhang wika ang ginamit
  - matatalinhaga ang wikang ginagamit
  - paggamit ng diyalekto sa pakikipag-ugnayan sa kapwa
10. Paano ginamit ang wika sa dulang napanood, *Ang Walang Sugat* ?  
<https://www.youtube.com/watch?v=mrPJNdjccDs>
- Impormal ang gamit ng wika.
  - Makahulugan at masining ang gamit ng wika.
  - Nakabatay sa sariling diyalekto
  - Pinaghalo ang Ingles at Filipino

11. Ang mga seryeng tulad ng *Be Careful with my Heart, Till I Met You*, at *Sahaya* ay mga programa sa telebisyon na tinatawag na;
- dula
  - magazine show
  - news and public affairs
  - telenobela
12. Ang mga sumusunod ay mensahe sa pelikulang *Hello, Love, Goodbye*, **MALIBAN** sa;
- Ang mga nawawasak na pamilya at gumuguhong pangarap
  - Ang kumita nang malaki upang maging masagana ang buhay.
  - Ang pagbabago ng pananaw ng mga kabataan tungkol sa kanilang pinapahalagahan sa buhay.
  - Ang paglalahad ng mga di kanais-nais na bunga ng paglayo sa pamilya para kumita nang malaki sa ibang bansa.
13. Ano ang mga naitulong sa wikang Filipino ng mga teleserye tulad ng *Ang Probinsiyano*, *Kara Mia*, at *Kadenang Ginto*.
- Natuto ang mga dayuhan sa paggamit ng wika.
  - Napaunlad at gumamit ng rehiyonal na wika ang mga Filipino
  - Napaunlad at napagyaman ng mga Pilipino ang ating wikang Filipino.
  - Maraming Pilipino ang tumangkilik sa wikang dayuhan.
14. Ano ang ipinapahiwatig ng mga pahayag na ito ng inang si Josie sa pelikulang *Anak*? “*Sana tuwing umiinom ka ng alak, habang hinihithit mo ang sigarilyo, habang nilulustay mo ang mga perang padala ko, sana’y inisip mo rin kung ilang pagkain ang tiniis kong hindi kainin para makapagpadala ako ng malaking pera dito. Sana habang nakahiga ka sa kutson mo, natutulog, maisip mo rin kung ilang taon kong tiniis ang matulog mag-isa habang nangungulila ako sa yakap ng mga mahal ko. Sana maisip mo kahit konti kung gaano kasakit sa akin ang mag-alaga ng mga batang hindi mo kaanu-ano, samantalang kayo... kayong mga anak ko ay hindi ko man lang kayo maalagaan,*”
- pagpapakasakit ng magulang para sa magandang buhay ng pamilya
  - pagkapariwara ng buhay ng mga anak dahil sa bisyo
  - pagiging maluho sa buhay ng mga anak
  - pagkahirati sa buhay at sa layaw
15. Ang ang tema at mensahe ng pamagat ng dulang Pilipino na *Sinag* sa Karimlan ni Dionisio Salazar?
- Pagmamahalan sa loob ng pamilya
  - Pagtanggap at pagpapatawad sa miyembro ng pamilya
  - Pagkakaroon ng unawaan sa kakulangan ng isa’t isa
  - Lahat nang nabanggit



## Aralin

# 3

## Sitwasyong Pangwika sa Pelikula at Dula

Ang araling ito ay lubos na makatutulong sa pag-unawa sa kalagayan ng ating wika pagdating sa paggamit sa mga mga pelikula at dulang Pilipino na tinatangkilik ng mga mamamayang Pilipino. Bago natin ipagpatuloy ang pagtalakay sa paksa ay isagawa mo ang mga susunod na gawain nakatala dito.



### ***Balikan***

Ito ay maikling pagsasanay o balik-aral upang matulungan kang maiugnay ang kasalukuyang aralin sa naunang leksyon.

**Panuto:** Kilalanin kung anong uri ng social media ang inilalarawan sa bawat bilang. Isulat ang sagot sa iyong sagutang papel.

1. Ito ay uri ng social media na tumatalakay sa isang paksa na nagmistulang diary. Kinapapalooban ito ng mga karanasang inilalathala sa paraang eletroniko.
  - a. Blog
  - b. Facebook
  - c. Pinterest
  - d. Twitter
2. Ang social media na ito ay mayroon lamang 240 na bilang ng letra na maaaring gamitin sa paglalathala na karaniwang muling paglalathala na laman ay balita.
  - a. Skype
  - b. Twitter
  - c. Tumblr
  - d. YouTube
3. Pinakapopular na social media sa mga kabataan na bawat kilos ay mababasa mo rito at malayang nakagagamit ng wikang nais nila.
  - a. Facebook
  - b. Internet
  - c. Viber
  - d. Yahoo

4. Ito ay isang platform sa internet na karaniwan sa salitang Ingles at nagkakaintindihan ang lahat.
  - a. Pahayagan
  - b. Radyo
  - c. Social Media
  - d. Telebisyon
  
5. Malaki ang naitutulong nito para sa mga taong nawalay sa pamilya dahil sa pagtatrabaho lalo na sa mga mag-aaral na kailangan nang agarang kasagutan sa kanilang mga asignatura.
  - a. Internet
  - b. Microsoft
  - c. Netflix
  - d. YouTube



### ***Mga Tala para sa Guro***

Tiyaking malinaw at maayos ang pagbibigay ng panuto. Alamin kung nasusunod ito nang wasto. Ipaalala sa mag-aaral na lagging maging matapat sa pagsagot sa mga gawain,



## **Tuklasin**

Sa bahaging ito naman ay ating tatalakayin ang kalagayan ng wika sa mga pelikula at dulang Pilipino upang ganap mong maunawaan ang araling ito.

### **Pelikula**

Ang pelikula na kilala rin bilang sine at pinilakang-tabing ay isang larangan na nagpapakita ng mga gumagalaw na larawan bilang isang anyo ng sining o bilang bahagi ng industriya ng libangan.

Ang panood ng pelikula ang pinakamura at abot-kayang uri ng libangan ng lahat ng uri ng tao sa lipunan. Iba-iba ang uri ng pelikulang tinatangkilik ng mga manonood. Naaayon ito sa kaniyang ibig panoorin at nagugustuhan. Nariyan ang aksiyon, animation, dokumentaryo, drama, pantasya, historical, katatakutan, komedya, musical, sci-fi (science fiction), at iba pa. Anuman ang pelikulang tinatangkilik, tiyakin lamang na kapupulutan ng aral na magiging gabay naman ng mga manonood sa nangyayari sa araw-araw na buhay niya.

### **Dulang Pilipino**

Ang dula ay hango sa salitang Griyego na “drama” na nangangahulugang gawin o ikilos. Ang layunin ng dula ay makapagbigay aliw. Sinasabi ring ang dula ay isang uri ng sining na may layuning magbigay ng makabuluhang mensahe sa manonood.

Ang dula ay isang akdang sa pamamagitan ng kilos at galaw sa tanghalan ay naglalarawan ng kawil ng mga pangyayaring naghahayag ng kapana-panabik na bahagi ng buhay ng tao.

Sinasabi ring isang genre na panitikan na nasa anyong tuluyan ang dula na dapat na itanghal sa entablado, may mga tauhang gumaganap na nag-uusap sa pamamagitan ng mga diyalogo. Masasabing may anyong pampanitikang inihanda para sa dulang ang mga artista ay kumakatawan sa mga tauhan, ginagawa ang nararapat na pagkilos ayon sa hinihingi ng mga pangyayari at sinasabi ang nakasulat na usapan. Ang mga halimbawa ng dulang Pilipino: *Sinag sa Karimlan* ni Dionisio Salazar; *Sa Pula sa Puti* ni Soc Rodrigo, *Sarimanok* ni Patrick C. Fernandez, *Karaniwang Tao* ni Joey Ayala, **Anghel** ni Noel De Leon, at iba pa.

### **Ang Dula Sa Kasalukuyang Panahon**

Sa kasalukuyang panahon, mas umunlad, maraming nabago, at marami na tayong iba’t ibang dula gaya ng panradyo, pangtelebisyon, at pampelikula, sa panahong ito, ang mga dula ay itinatanghal sa mas malalaking entablado at aktuwal na napapanood ng mga tao.

Ang dula sa ating bansa ay kasintanda ng kasaysayan ng Pilipinas. Bahagi na ito ng ating tradisyon. Mga tradisyong nagbibigay identidad sa mga Pilipino. Sa paglipas ng taon, nagbabago ang anyo ng mga dulang Pilipino. Ngunit isa lang ang layunin ng mga mandudula: ang magbigay aliw sa mga mamamayang Pilipino, at higit sa lahat, ang bigyang buhay ang mga pangyayari sa buhay ng Pilipino. (<https://www.slideshare.net>)

## **Sitwasyong Pangwika sa Pelikula**

Bagama't mas maraming banyaga kaysa lokal na pelikula ang naipalalabas sa ating bansa taon-taon, ang mga lokal na pelikulang gumagamit ng midyum na Filipino at mga barayti nito ay mainit ding tinatangkilik ng mga manonood. Katunayan, sa dalawampung nangungunang pelikulang ipinalabas noong 2014, batay sa kinita, lima sa mga ito ang lokal na tinatampukan din ng mga lokal na artista. Iyon nga lang, Ingles ang karaniwang pamagat ng mga pelikulang Pilipino tulad ng *One More Chance*, *Starting Over Again*, *It Takes A Man and A Woman*, *Bride for Rent*, *You're My Boss*, *You're Still the One*, at iba pa. Ang wikang ginagamit ay Filipino, Taglish, at iba pang barayti ng wika.

Hindi na nga maitatatwang Filipino ang wika o *lingua franca* ng telebisyon, radio, diyaryo, at pelikula. Maaaring sabihing ang pangunahing layunin ng mga ito sa paggamit ng Filipino bilang midyum ay upang makaakit nang mas maraming manonood, tagapakinig, o mambabasang makauunawa at malilibang sa kanilang palabas, programa, at babasahin upang kumita sila nang mas malaki. Subalit, hindi rin mapasusubalian ang katotohanang dahil sa malawak na impluwensiya ng wikang ginagamit sa mass media ay mas maraming mamamayan sa bansa ngayon ang nakapagsasalita, nakauunawa, at gumagamit ng wikang Filipino. Isang mabuting senyales para sa lalong pag-unlad at paglago ng ating wikang pambansa.

Bagama't laganap na sa mass media, mapapansin pa rin na ang wikang Filipino ay madalas na ginagamit sa mga programa sa radyo at telebisyon, sa tabloid, at sa pelikula kung saan ang nananaig na tono ay impormal, at waring hindi gaanong estrikto sa pamantayan ng propesyonalismo. Sa maraming babasahin at palabas na Filipino, ang tila nangingibabaw na layunin ay mang-aliw, manlibang, at lumikha ng ugong o ingay ng kasayahan (*Tiongson, 2012*). Isang pag-asam at hamon para sa mga taong nasa likod ng mass media at mga taong tumatangkilik sa mga ito na hindi lang basta lumaganap ang Filipino kundi magamit din ito ng mga nasabing midyum upang higit na maitaas ang antas ng ating wika.



## ***Suriin***

**A. Panuto:** Basahin at unawaing mabuti ang mga dayalogo sa pelikula at dulang Pilipino. Sagutin din ang tanong sa ibabang bahagi at ipaliwanag. Gawin ito sa sagutang papel.

**“Ginamit lang naman ako ng tadhana para pagtagpuin kayo. Im’Just a piece of your puzzle”**  
(Gara)

**“I deserve an explanation! I need an acceptable reason”**  
(Marco)

**“Mas pipiliin ko ang isang bukas na nandoon ka kaysa sa isang bukas na wala ka”**  
(Gab)

1 \_\_\_\_\_

2 \_\_\_\_\_

3 \_\_\_\_\_

Bakit kaya Ingles ang karaniwang ginagamit na pamagat sa mga pelikulang Pilipino? Ipaliwanag

---

---

---

---

---


---

**B. Panuto:** Pumili ng pamagat ng dulang Pilipino na napag-aralan, o napanood na. Ipaliwanag kung bakit naibigan mo ito.

<p>Pamagat ng Naibigang Dulang Napanood _____</p> <p>Paliwanag:</p> <p>_____</p> <p>_____</p> <p>_____</p> <p>_____</p> <p>_____</p> <p>_____</p> <p>_____</p>
--

Pamantayan sa Pagmamarka:

Nilalaman at kaisahan ng ideya	3
Gamit ng Balarila	<u>2</u>
Kabuuan	5



## **Pagyamanin**

Dahil nabigyang-katwiran mo na ang paggamit ng wikang Ingles na pamagat sa pelikulang gawa ng mga Pinoy, subukin naman natin ang iyong kakayahan sa pagsusuri sa mga salitang ginagamit ng mga tauhan sa pelikula/dula gayundin ang kulturang nais nitong ipakita sa manonood.

Manood ng naipalabas ng pelikulang Pilipino, naibigang dulang naitanghal, o drama sa telebisyon. Sundin ang panuto sa ibaba.

Panuto: Pagkatapos mong panoorin ang pelikula o dula o drama suriin mo ang wikang ginamit sa dayalogo ng mga tauhan at ang kultura ng mga Pilipino na masasalaming dito. Sagutin ang mga sumusunod na katanungan sa bawat bilang. Isulat ang sagot sa sagutang papel.

1. Sang-ayon ka ba na gamitin ang wikang Ingles at Filipino sa isang pelikula o dulang pangtanghalan o pantelebisyon? Pangatwiranan.

---

---

---

---

---

---

2. Ano-anong kulturang Pilipino ang nakita mo sa iyong pinanood na pelikula o dulang Pilipino?

---

---

---

---

---

---

3. Makatotohanan ba ang mga eksenang nagpapakita ng kulturang Pilipino sa pelikula o sa dulang napanood? Patunayan.

---

---

---

---

---

---

## Pamantayan sa Pagmamarka

PUNTOS	PAMANTAYAN
10	Sapat ang katibayan upang patunayan at bigyang-katwiran ang sagot sa mga tanong at nakakita ng higit sa tatlong kulturang Pilipino sa pinanood na maikling pelikula.
8	Sapat ang katibayan upang patunayan at bigyang-katwiran ang sagot sa mga tanong at nakakita ng dalawang kulturang Pilipino sa pinanood na maikling pelikula.
6	Sapat ang katibayan upang patunayan at bigyang-katwiran ang sagot sa mga tanong at nakakita ng isang kulturang Pilipino sa pinanood na maikling pelikula.
4	Hindi sapat ang katibayan upang patunayan at bigyang-katwiran ang sagot sa mga tanong at nakakita ng isang kulturang Pilipino sa pinanood na maikling pelikula.
2	Hindi sapat ang katibayan upang patunayan at bigyang-katwiran ang sagot sa mga tanong at walang nakakitang kulturang Pilipino sa pinanood na maikling pelikula.



### *Isaisip*


Naglalaman ang modyul ng mga katanungang pupunan upang maproseso kung anong natutuhan mo mula sa aralin.

Ngayon ay subukin mong magsuri ng naibigang pelikula at dulang Pilipino na napanood. Malaya kang pumili ng iyong nais panoorin.

Handa ka na ba? Tara, Game!


**Panuto:** Pagkatapos mong panoorin ang iyong mga napiling pelikula, punan mo ng sagot ang Venn Diagram batay sa iyong naging obserbasyon sa aspetong linggwistiko (wikang ginamit) at kultural na aspetong nakapaloob dito. Isulat ang sagot sa iyong sagutang papel.





**Pamantayan sa Pagmamarka**


<b>PUNTOS</b>	<b>PAMANTAYAN</b>
<b>10</b>	Nakapagtala ng 5 paghahambing sa dayalogo at kulturang Pilipino na nakapaloob dalawang napiling pelikula.
<b>8</b>	Nakapagtala ng 4 paghahambing sa dayalogo at kulturang Pilipino na nakapaloob dalawang napiling pelikula.
<b>6</b>	Nakapagtala ng 3 paghahambing sa dayalogo at kulturang Pilipino na nakapaloob dalawang napiling pelikula.
<b>4</b>	Nakapagtala ng 2 paghahambing sa dayalogo at kulturang Pilipino na nakapaloob dalawang napiling pelikula.
<b>2</b>	Nakapagtala ng 1 paghahambing sa dayalogo at kulturang Pilipino na nakapaloob dalawang napiling pelikula.



## Isagawa

Ating subukin kung paano mo maisasakatuparan ang iyong pagkatuto sa araling nakapaloob sa modyul na ito.

**Panuto:** Pumili ng isang linya sa napanood na pelikula o dulang pangtanghalan na nag-iwan ng kakintalan sa iyong puso at isipan. Isulat ito sa speech balloon. Ipaliwanag ang naging kaugnayan nito sa iyong buhay. Gawin ito sa sagutang papel.



<b>MAGDIKIT NG IYONG KUHARILI (SELFIE) RITO</b>	_____
	_____
	_____
	_____
	_____
	_____

### Pamantayan para sa Isagawa

PUNTOS	PAMANTAYAN
10	Lubusang nakahihikayat ang napiling pelikula at naipakita ang kaugnayan sa buhay ng napiling linya sa pelikula.
8	Nakahihikayat ang napiling pelikula at naipakita ang kaugnayan sa buhay ng napiling linya sa pelikula.
6	Hindi gaanong nakahihikayat ang napiling pelikula at naipakita ang kaugnayan sa buhay ng napiling linya sa pelikula.
4	Hindi naipakita ang kaugnayan sa buhay ng napiling linya sa pelikula.
2	Walang kaugnayan sa buhay ang napiling linya sa pelikula.



## Tayahin

“Kapag may simula ay mayroon ding wakas! Tiyakin natin ang iyong pagkatuto.”


**A. Panuto:** Suriin ang mga pamagat at dayalogo sa pelikula at sagutin ang mga tanong kaugnay nito tungkol sa lingguwistiko at kultura. Isulat ang sagot sa iyong sagutang papel.

1. “She loved me at my worst. You had me at my best, but binalewala mo lang ang lahat...and you chose to break my heart.” (Popoy - *One More Chance*)  
Anong wika ang ginamit sa pahayag?
  - a. Barayti ng Filipino
  - b. Code Switching
  - c. Ingles
  - d. Tagalog
2. Paano ginamit ang wika sa dulang napanood, *Ang Walang Sugat* ?  
<https://www.youtube.com/watch?v=mrPJNdjccDs>
  - a. Impormal ang gamit ng wika.
  - b. Makahulugan at masining ang gamit ng wika.
  - c. Nakabatay sa sariling diyalekto
  - d. Pinaghalo ang Ingles at Filipino
3. Ang ang tema at mensahe ng pamagat ng dulang Pilipino na *Sinag* sa Karimlan ni Dionisio Salazar?
  - a. Pagmamahalan sa loob ng pamilya
  - b. Pagtanggap at pagpapatawad sa miyembro ng pamilya.
  - c. Pagkakaroon ng unawaan sa kakulangan ng isa't isa.
  - d. Lahat nang nabanggit
4. Ano ang ipinahihiwatig ng pamagat ng pelikula nina Angelica Panganiban at Carlo Aquino na *Exes Baggage*?
  - a. Bagaheng ‘di nakailangan
  - b. Dating kasintahan
  - c. Lumang maleta
  - d. Sobrang bagahe
5. “Alam ko kasi ang mga mama, hirap na hirap sila kapag malayo sila sa kanilang anak.” (Odrey – Miss Granny). Anong kultura ng Pilipino ang masasalamain sa pahayag?
  - a. Paghihigpit ng magulang
  - b. Pagpapahalaga sa anak
  - c. Pagpapahalaga sa magulang
  - d. Pagtitiis ng hirap

**B. Panuto:** Basahin at unawain ang mga pangungusap. Isulat ang letra ng tamang sagot sa sagutang papel.

6. Ang mga seryeng tulad ng *Be Careful with my Heart*, *Till I Met You*, at *Sahaya* ay mga programa sa telebisyon na tinatawag na;
  - a. dula
  - b. nobela
  - c. noontime show
  - d. telenobela
  
7. Ang mga sumusunod ay mensahe sa pelikulang *Hello, Love, Goodbye*, **MALIBAN** sa;
  - a. Ang mga nawawasak na pamilya at gumuguhong pangarap.
  - b. Ang kumita nang malaki upang maging masagana ang buhay.
  - c. Ang pagbabago ng pananaw ng mga kabataan tungkol sa kanilang pinapahalagahan sa buhay.
  - d. Ang paglalahad ng mga di kanais-nais na bunga ng paglayo sa pamilya para kumita nang malaki sa ibang bansa.
  
8. Ano ang mga naitulong sa wikang Filipino ng mga teleserye tulad ng *Ang Probinsiyano*, *Kara Mia*, at *Kadenang Ginto*.
  - a. Maraming Pilipino ang nakaunawa at nakapagsasalita ng wikang Filipino.
  - b. Maraming dayuhan ang natutong magsalita ng ating wika.
  - c. Maraming Pilipino ang gumamit ng rehiyonal na wika.
  - d. Maraming Pilipino ang nahirati sa wikang dayuhan.
  
9. Ano ang ipinapahiwatig ng mga pahayag na ito ng inang si Josie sa pelikulang **Anak?** *Sana tuwing umiinom ka ng alak, habang hinihithit mo ang sigarilyo, habang nilulustay mo ang mga perang padala ko, sana'y inisip mo rin kung ilang pagkain ang tiniis kong hindi kainin para makapagpadala ako ng malaking pera dito, sana habang nakahiga ka sa kutson mo, natutulog, maisip mo rin kung ilang taon kong tiniis ang matulog mag-isa habang nangungulila ako sa yakap ng mga mahal ko, sana maisip mo kahit konti kung gaano kasakit sa akin ang mag-alaga ng mga batang hindi mo kaanuno, samantalang kayo... kayong mga anak ko ay hindi ko man lang kayo maalagaan,*
  - a. Pagpapakasakit ng magulang para sa magandang buhay ng pamilya.
  - b. Ang pagkapariwara ng buhay ng mga anak dahil sa bisyo.
  - c. Ang pagiging maluho sa buhay ng mga anak.
  - d. Pagkahirati sa buhay at sa layaw.

10. Ang ang tema at mensahe ng pamagat ng pelikulang *Four Sisters and A Wedding*?
- Pagmamahalan sa loob ng pamilya
  - Pagtanggap sa kakayahan at kahinaan ng miyembro ng pamilya.
  - Pagkakaroon ng unawaan sa kakulangan ng isa't isa.
  - Lahat nang nabanggit
11. Ang mga sumusunod ay dahilan ng pagkakaiba-iba ng kultura sa Pilipinas **MALIBAN** sa;
- impluwensiya ng mga dayuhan
  - katangiang heograpikal nito
  - pagkakaiba-iba ng wika
  - pagkakatulad-tulad ng paniniwala
12. “Kung ihahambing ang kabataan sa ibang pangkat ng lipunan, higit silang mapanuri sa mga palabas at pelikulang pinapanood.” Ito ay pinatunayan sa sulating:
- aklat na *Bakit Baligtad Magbasa ang mga Pilipino*
  - aklat na *Stupid Is Forever*
  - dyornal na *Meditation of Filipino Youth Culture*
  - pahayagang *Philippine Inquirer*
13. Bakit patuloy na tinatangkilik ang mga pelikulang Pilipino?
- dahil sa mga artistang gumaganap.
  - dahil sa mga lugar na pinaggaganapan.
  - dahil sa napag-uusapan sa bawat lugar.
  - dahil sa mga linya ng mga tauhan o hugot lines na natatak sa isipan.
14. Ano ang karaniwang anyo at tono ng wikang nagagamit sa dula, programa sa radio, at pelikula?
- impormal na tinatangkilik ng masa
  - matatalinhaga ang wikang nagagamit
  - mga dayuhang wika ang nagagamit na tinatangkilik ng masa
  - pormal na tinatangkilik ng masa
15. Ang kahulugan ng pamagat ng dulang Pilipino sa “*Sinag sa Karimlan*”.
- sikat ng araw sa umaga
  - liwanag at pag-asa sa kabila ng kadiliman
  - kadiliman at mga pagsubok
  - paghahanda sa pagsubok



## Karagdagang Gawain

Sa bahaging ito, may ibibigay sa iyong panibagong gawain upang pagyamanin ang iyong kaalaman o kasanayan sa natutuhang aralin.

Binabati kita! Natapos mo nang matagumpay ang mga pagsubok sa modyul na ito. Dahil diyan, gusto kitang maging handa sa susunod na pagsubok na iyong haharapin. Ngayon pa lamang ay paghandaan mo na kung ano nga ba ang madalas na marinig na salita sa iba't ibang lugar batay sa iba't ibang sitwasyon.

**Panuto:** Manood ng pelikula sa telebisyon o makinig ng dulang Pilipino. Sumulat ng sanaysay na nagpapatunay na ang lingguwistiko at kultural na ugnayan ay nasasalamín sa mga pelikula at dulang Pilipino. Bumuo ka rin ng sariling paksa o pamagat ng sanaysay. Gawin ito sa iyong sagutang papel.

---

Paksa

---

---

---

---

---

---

---

---

---

---

---

---

---

---

---

---

---

---

---

---

---


---

---

---

### Rubriks sa Pagmamarka ng Sanaysay

Pamantayan	4-Mahusay	3 – Katamtaman	2- Di Gaanong Mahusay	1-Dapat Pagbutihin
Pagpili ng Paksa x2	Napakahalaga sa wika at kultura ang napiling paksa at maraming patunay  <b>8 puntos</b>	Mahalaga sa wika at kultura ang napiling paksa at napapanhon  <b>6 na puntos</b>	Hindi gaanong mahalaga sa wika at kultura ang napiling paksa at hindi rin gaano ang patunay  <b>4 na puntos</b>	Walang halaga sa wika at kultura ang napiling paksa at walang patunay  <b>2 puntos</b>
Nilalaman x3	Napakamakabuluhan ng mga kaisipang inilahad at naipaliwanag nang husto  <b>12 puntos</b>	Makabuluhan ng mga kaisipang inilahad at naipaliwanag nang sapat  <b>9 na puntos</b>	Hindi gaanong makabuluhan ang mga kaisipang inilahad bagamat may sapat na paliwanag  <b>6 na puntos</b>	Walang kabuluhan ng mga kaisipang inilahad at kulang sa ipaliwanag  <b>3 puntos</b>
Organisasyon ng mga kaisipan x2	Napakalinaw at napakalohikal ng ugnayan ng mga kaisipan  <b>8 puntos</b>	Malinaw at lohikal ang ugnayan ng mga kaisipan  <b>6 na puntos</b>	Hindi gaanong maliw at lohikal ang ugnayan ng mga kaisipan  <b>4 na puntos</b>	Hindi malinaw at walang kaugnayan ang ugnayan ng mga kaisipan  <b>2 puntos</b>



## Susi sa Pagwawasto

**Surtin**

1. Imagine You and Me
2. Starting Over Again
3. Can't Help Falling In Love

**Balikan**

1. A Blog
2. B Twitter
3. A Facebook
4. C. Social Media
5. A. Internet

**Subukin**

1. B
2. C
3. A
4. A
5. C
6. D
7. C
8. B
9. D
10. B
11. D
12. B
13. C
14. A
15. B

**Tayahin**

1. B
2. B
3. B
4. B
5. D
6. D
7. B
8. A
9. A
10. D
11. D
12. C
13. D
14. A
15. B



## ***Sanggunian***

Alcaraz, Cid. 2017. *Komunikasyon at Pananaliksik para sa Senior High School*. Quezon City: Educational Resources Corporation.

Bernales, Rolando A. 2016. *Komunikasyon sa Makabagong Panahon*. Malabon City: Mutya Publishing House, Inc.

Dayag, Alma M.; del Rosario, Mary Grace G. 2017. *Pinagyamang Pluma – Komunikasyon at Pananaliksik sa Wika at Kulturang Pilipino*. Quezon City: Phoenix Publishing House.

Jocson, Magdalena O. 2016. *Komunikasyon at Pananaliksik sa Wika at Kulturang Pilipino*. Quezon City: Vibal Group, Inc.

<https://wanderingbakya.com/-hugot-edition/>

<https://www.google.com/search?q=dayalogo+sa+pelikula&oq=dayalogo+sa+pelikula&aqs=chrome..69i57j0l3.13231j0j7&client=ms-android-oppo&sourceid=chrome-mobile&ie=UTF-8#imgsrc=CN0XDNWFJE3vGM:>

<https://etech511ckp20172018.wordpress.com/2017/08/15/first-blog-post/>

<https://m.youtube.com/watch?v=Ije3u7ipGsQ&t=263s>

<https://www.google.com/search?q=poster+of+four+sisters+and+a+wedding+full+movie+online+youtube&client=ms-android>

<https://www.google.com/search?q=star+cinema+movie+poster&client=ms-android-ang-kulturang-pilipino.blogspot.com/2013/09/mga-tradisyon-o-kaugalian-ng-mga.html?m=1>

[amazingjingforlife.blogspot.com/2012/12/nora-aunors-himala-digitally-mastered.html?m=1](http://amazingjingforlife.blogspot.com/2012/12/nora-aunors-himala-digitally-mastered.html?m=1)

**Para sa mga katanungan o puna, sumulat o tumawag sa:**

Department of Education - Bureau of Learning Resources (DepEd-BLR)

Ground Floor, Bonifacio Bldg., DepEd Complex  
Meralco Avenue, Pasig City, Philippines 1600

Telefax: (632) 8634-1072; 8634-1054; 8631-4985

Email Address: [blr.lrqad@deped.gov.ph](mailto:blr.lrqad@deped.gov.ph) \* [blr.lrpd@deped.gov.ph](mailto:blr.lrpd@deped.gov.ph)